

'Tuklas,' wagi sa DOST digital game dev't contest

Ni Dianara W. Angeles
S&T Media Service, DOST-PNRI

Tatlong digital learning game na nagtataguyod at nagpapakita ng mga kontribusyon ng mga Filipinong siyentista ang nanguna sa huling yugto ng Salinlahi Evolution— ang kompetisyon sa larangan ng game development para sa Philippine Science Heritage Center (PSHC)— ng Department of Science and Technology- National Academy of Science and Technology (DOST-NAST).

Nagwagi sa unang pwesto ang "Tuklas" ng Team Happy mula sa iAcademy habang pangalawa naman ang "Invention Rush" na nilikha ng Team Code Eater ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) Taguig at nasa ikatlo naman ang "Arcadia" ng Team Multiple Error na nagmula rin sa PUP-Taguig.

Ang "Tuklas" ay larong pambata na tiyak na kapupulutan ng aral na kung saan ang mga manlalaro ay sasagutan ang mga naka-aaliw na puzzle upang matutunan ang mga konsepto sa agham. Nakatanggap ng P50,000 ang grupo ng mga Information Technology graduate at pagkakataong maitampok ang kanilang likha sa PSHC.

Ang grupo naman sa likod ng "Invention Rush" na isang mobile game application ay nakatanggap ng P30,000 habang P20,000 naman ang para sa "Arcadia" na isang two-

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

IBED, tulong sa mga imbentor.....p3

TuklaSiyensya:
Magpalobo gamit ang yeastp4

Larawanewsp4

Mga nuclear tech expert, tampok sa Youth Summit ng DOST



Youth summit. Ibinahagi ng mga dalubhasa sa nuclear science sa katatapos lamang na Nuclear Youth Summit ang sikreto ng kanilang tagumpay sa nasabing larangan upang magsilbing inspirasyon ng mga kabataan at sundan ang kanilang yapak.

Ni Dianara W. Angeles
S&T Media Service, DOST-PNRI

Tinalakay sa ginanap na kauna-unahang Nuclear Youth Summit sa katatapos lamang na 3rd National Nuclear Congress ang mga nakaambang hamon at oportunidad para sa mga kabataan sa Diamond Hotel, Lungsod ng Maynila.

Isa sa mga naging sentro ng diskusyon sa summit ay ang forum na nagbabahagi ng mga kaalaman at usapin ukol sa nukleyar at siyensya sa mga kabataan.

Ayon kay Hon. Yukiya Amano, director-general ng International Atomic Energy

Agency (IAEA), ang imahinasyon at mataas na kakayahan sa aspetong teknikal ay mahalaga sa nasabing larangan.

Pinuri rin niya ang Pilipinas sa pagiging aktibong miyembro ng IAEA mula pa noong 1958. Ayon kay Hon. Amano, ang bansa ay nagdagdag pa ng humigit 300 Filipinong manggagawa sa ilalim ng IAEA Cooperation Program.

Samantala, ibinahagi naman ni Dr. Alumanda dela Rosa, kasalukuyang direktor ng Department of Science and Technology-Philippine Nuclear Research Institute

sundan sa pahina 2

Mula sa pahina 1

(DOST-PNRI) kung paano siya nagsimula bilang mananaliksik sa Philippine Atomic Energy Commission na ngayon ay DOST-PNRI. Aniya, pangarap niyang maging isang guro, subalit nang napamahal na siya sa larangan ng pananaliksik ay hindi na niya ito tinalikuran. Ngayon, si Dr. De la Rosa ay isa sa natatanging dalubhasa sa larangan niya at tumatak sa industriya sa pamamagitan ng mga pananaliksik na nagpaunlad sa mga produktong mula sa polymer gamit ang nuclear technology.

Ayon naman sa gastroenterologist na si Dr. Teofilo San Luis Jr., ang kanyang scholarship grant sa University of Bonn sa bansang Germany ang nagsilbing susi niya upang siya ay mapabilang sa larangan ng nuclear medicine.

Sa kabilang dako naman, hinamon ni Anton Philippe T. Tanquitic, na nagwagi sa ikalawang pwesto sa nakaraang Nuclear Olympiad, na ang mga mag-aaral na laging tumanaw nang mas higit pa. "We know so much now, because we are standing on the shoulders of giants," ani niya. "Last

generation's 'beyond' is today's generation's current state."

Matalinghaga rin ang panghuling pananalita ni Tanquitic sa mga delegado tungkol sa mga katagang "in between". Aniya, "for the 'in between' is where opportunities may arise."

Ang ikatlong Philippine Nuclear Congress ay inorganisa ng DOST sa pamamagitan ng at ng DOST-PNRI na dinaluhan ng mga lokal at international expert sa nuclear science, mga mag-aaral at maging ang mga media.

Tuklas, wagi ...

Mula sa pahina 1

dimensional android application na mayroong anim na mini-game.

Ayon sa DOST-NAST, ang nasabing patimpalak ay nilahukan ng mayroong 50 mag-aaral mula pa noong isang taon. Mula sa 50 ay pumili ang mga hurado ng limang grupo na siyang maghaharap sa huling yugto na kung saan ay kanilang idi-demo ang mga game sa mga batikang hurado na pinangungunahan ni Ginoong Liandro Antonio Tabora ng Owlery eLearning Solutions, Gaius Karl Noble ng DOST-Science Education Institute, Roel Cantada, assistant professor mula sa University of the Philippines (UP) Open University, at Jaderick Pabico, professor mula sa UP-Los Baños.


"We are so glad that we won the top prize," ani Karl Rodriguez ng Team Happy na mayroon lamang tatlong araw upang makapaghandang para sa patimpalak. "But most importantly, we created a game that would help many Filipinos to learn more about the life of our scientists and their contributions in resolving various problems of our country."

Ayon pa kay Rodriguez, plano ng grupo na magtayo ng sarili nilang kumpanya na magdedevelop ng mga educational mobile game pagkatapos ng kanilang pag-aaral.

Ginawa ang Salinlahi Evolution ng DOST-NAST upang hikayatin ang mga mag-aaral na makagawa ng mga computer o mobile learning games na mayroong kaugnayan sa science and technology. Ang mga computer games ay dapat mapatakbo sa Windows platform habang sa Android devices naman para sa mga mobile games. Ito ay dapat nasa wikang Ingles at maaaring laruin kahit walang internet connection. (Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, S&T Media Service, DOST-STII)



Tinanggap ng mga miyembro ng TEAM HAPPY ang tseke na nagkakahalaga ng P50,000 mula kay DOST-NAST Executive Director Luningning E. Samarita-Domingo (kaliwa) bilang grand winner ng Salinlahi Evolution para sa game app na "Tuklas," isang educational game para sa mga kabataan.



Ang "TUKLAS" game app na isang magandang paraan upang maipakilala sa kabataan ang mga konsepto ng science and technology sa nakatutuwang paraan. (Larawan mula kay Allan Mauro V. Marfal, S&T Media Service, DOST-STII)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

IBED, tulong sa mga 3 imbentor

Ni Dayanara W. Angeles
S&T Media Service, DOST-STII

Tatlong imbentor ang nakatanggap ng tulong mula sa Department of Science and Technology- Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) sa ilalim ng programang Invention-Based Enterprise Development (IBED).

Sa dakong ito, idinaos ang paglagda ng Memorandum of Agreement at orientation sa pangunguna ni Atty. Marlon Ivy Decena ng DOST- TAPI na ginanap sa tanggapan nito sa DOST Complex, Bicutan, Taguig.

Ang imbensyong leak sealing for brake system of motor vehicle ni Melchor L. Heñosa ay nakatanggap ng P41,440 upang makagawa ng paunang produkto para sa komersiyo.



Ito ay tinatawag na "anti-loose device" na nakakabit sa brake fluid pipe ng bawat brake assembly ng gulong. Sa pamamagitan nito ay maiwasan ang mawalan ng kontrol ang sasakyan sakaling magkaroon ng pagtagas ng brake fluid. Ang bawat set ay nagkakahalaga ng P12,000.

Ang nasabing imbensyon ay idinisenyo ng DOST-Metals Industry Research and Development Center at nabigyan ng patent noong 2013. Ito ay nabigyan din ng tulong mula sa programang ng DOST na Industry-Based Invention and Development assistance program bago pa man ito sumailalim sa programang IBED.

Ang anti-loose device ay nakatanggap ng pagkilala bilang Outstanding Invention sa ginanap na 2015 CALABARZON Regional Invention Contest and Exhibit (RICE).

Samantala, upang makatipid sa konsumo ng pangatong sa pamamaraang environment-friendly, nilikha ni Junior de Jesus, chairman ng Topheight, Inc. ang Highmax Turbo Power Simulator.




Ang imbensyon ay nakatanggap ng tulong-pinansyal na nagkakahalaga ng P604,000 sa ilalim ng IBED Component 2 upang makagawa ng initial inventory para sa commercialization stage ng nasabing imbensyon.

Nilikha noong 2010, ang Highmax Turbo Power Simulator ay inilagay sa pagitan ng air filter at intake manifold ng sasakyan na mayroong internal combustion engine. Gamit ito, ang hangin na dumadaan sa manifold ay masasala at maihahalo sa gasolina nang balanse. Dahil dito, mas magiging malakas ang makina at makatitipid sa pangatong habang ito ay nakapagpoprodyus ng mas malinis na usok.

Ang bawat 12-volt yunit ay nagkakahalaga ng P7,500 habang ang 24-volt yunit naman ay mabibili sa halagang P9,500 na may karagdagang P1,000 para sa pagpapakabit.

Samantala, kakaiba naman sa mga produktong pantaboy at pamatay ng lamok ang imbensyong mosquito trap ni Benjamin F. Mendoza, direktor at presidente ng Filipino Inventors Research System Technologies, Inc.



sapagkat ito ay hindi gumagamit ng kimekal kundi tubig at plastik lamang.

Ang imbentor ay nabigyan ng P480,000 tulong-pinansyal sa pamamagitan ng IBED Component 2 para sa produksyon at komersialisasyon nito.

Ang mosquito trap ni Mendoza ay isang plastic container na idinisenyo upang maakit ang mga matatandang lamok na mangitlog sa tubig na nasa unang chamber ng trap. Ang mga itlog ay mahuhulog sa pangalawang chamber at makukulung hanggang sa ito ay mamatay dahil sa gutom at kakapusan sa hangin.

Ang imbensyong ito ay nagtamo ng 1st runner up sa Outstanding Utility Model category ng 2013 NCR RICE.

Ang IBED ay naglalayong maisulong at gawing technology enterprise ang mga imbensyon. Kasama sa serbisyong ibinibigay ng programa ay ang pilot production, field/market testing at formulation of systems and procedures bilang paghahanda sa mas malaking produksyon.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring magtanong sa pinakamalapit na DOST regional office o provincial science and technology center o bumisita sa <http://tapi.dost.gov.ph>. Maaari ring mag-email sa tapi.dost@yahoo.com.



IBED PARA SA MGA IMBENTOR. Mula sa kaliwa: Sina G. Benjamin F. Mendoza, Junior A. De Jesus at Melchor L. Heñosa (kanan) kasama si Atty. Marlon Ivy Decena at Janeth N. Cruzada ng DOST-TAPI sa ginanap na Memorandum of Agreement Orientation and Signing para sa mga tulong na ibinigay ng nasabing ahensiya para sa mga imbentor. (Larawan mula kay Gerardo De Jesus, S&T Media Service, DOST-STII)



Magpalobo gamit ang yeast

MGA KAILANGAN:

- Isang (1) pakete ng yeast (mabibili sa grocery store)
- Isang (1) maliit, malinis at malinaw na soda PET bottle (16 ounces o mas maliit pa)
- Isang (1) kutsaritang asukal
- Maligamgam na tubig
- Isang (1) maliit na lobo

MGA GAGAWIN:


1. Magsalin sa bote ng hanggang sa isang pulgada na maligamgam na tubig. (kapag ang yeast ay malamig o tuyo, ang mga microorganism ay nagpapahinga.)
2. Ilagay ang lahat ng laman mula sa pakete ng yeast at dahan-dahang iikot ang bote nang ilang segundo upang mahalo. (habang ang yeast ay natutunaw, ito ay nagiging active o nabubuhay.)
3. Maglagay ng asukal at muling haluin ito. Katulad ng tao, ang yeast ay nangan-gailangan ng energy (pagkain) upang maging active, kaya naman nilalagyan ito ng asukal.

4. Hipan ang lobo at ilagay ang dulo nito sa bote.
5. Ilagay ang bote sa isang mainit na lugar sa loob ng 20 minuto. Kung ito ay magiging matagumpay, ang lobo ay magsisimulang lumaki.

PAANO ITO GUMAGANA:

Nang nilagyan ng asukal ang yeast, ito ay naglabas ng gas na tinatawag na carbon dioxide. Pinupuno ng gas ang bote at gayun din ang lobo habang lumilikha ito ng mas maraming gas.

Isipin ninyo ang isang tinapay na nilalagyan ng yeast. Ito ay kadalasang mayroong butas sapagkat ang yeast ay lumilikha ng mga malilit na gas bubble na sanhi ng milyon-milyong butas sa tinapay kapag ito ay namatay sa pamamagitan ng pagbi-bake sa isang dough o masa. Matatandaang ang yeast ay isang buhay na organismo na kapag inilagay sa harina ay siyang nagpapaalsa rito.



GAWIN ITONG ISANG EKSPERIMENTO:

Ang proyektong ginawa ay isa lamang demonstrasyon. Para gawin itong isang tunay na eksperimento, maaaring subukang sagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Naka-aapekto ba ang temperatura sa kwarto o sa lugar na iyong kinalalagyan sa dami ng gas na nilikha ng yeast?
2. Naka-aapekto ba ang sukat ng container o lalagyan sa dami ng nalilikha na gas?
3. Nakatutulong ba ang temperatura ng tubig/ kwarto sa paglikha ng yeast ng pinakamaraming gas?
4. Anong klase ng "yeast food" ang tumutulong sa yeast na makalikha ng pinakamaraming gas? (asukal, syrup, honey, etc.)

Ang eksperimentong ito ay halaw mula sa www.explore.com

LarawaNEWS



Biotech Media Award – Malugod na tinanggap ng mga kinatawan ng mga nagwaging mamamahayag ang plake mula sa Jose Burgos Jr. Awards for Biotech Journalism na ginanap kamakailan kasabay ng pagdiriwang ng 2015 National Biotechnology Week. Kasama sa larawan sina G. Joel Paredes ng Biotechnology for Life Media and Advocacy Resource Center; Maria Monina Cecilia A. Villena, special projects coordinator and network administrator ng Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture Biotechnology Information Center; Ester G. Dipasupil, desk editor ng Philippine Daily Inquirer; Lyn Resurreccion, desk editor ng Business Mirror; at Dr. Edita Burgos, chairperson ng Jose G. Burgos, Jr. Awards at may bahay ng yumaong batikang manunulat na si Jose Burgos, Jr. **(Kuha ni Allan Mauro V. Marfal, S&T Media Service, DOST-STII)**